

Ano ang Aasahan pagkatapos Matanggap ang Bakuna para sa COVID-19

Bersiyon na madaling ma-access: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/expect/after.html>

Makakatulong ang pagbabakuna para sa COVID-19 na protektahan kayo mula sa pagkakaroon ng COVID-19. Maaaring magkaroon kayo ng ilang mga side effect na mga normal na senyales na gumagawa ang inyong katawan ng proteksiyon. Maaaring apektuhan ng mga side effect na ito ang inyong kakayahang gawin ang mga aktibidad sa bawat araw, ngunit mawawala rin ang mga ito sa loob ng ilang araw. Ang ilang mga tao ay walang mga side effect.

Mga karaniwang side effect

Sa braso kung saan ninyo natanggap ang iniksiyon:

- Pananakit
- Pamumula
- Pamamaga

Sa iba pang bahagi ng katawan ninyo:

- Pagkapagod
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan
- Panggiginaw
- Lagnat
- Pagduruwal

Mga makakatulong na tip

Kung mayroon kayong pananakit o hindi magandang pakiramdam matapos matanggap ang inyong bakuna, kausapin ang inyong doktor tungkol sa paggamit ng gamot na mabibili nang walang reseta, gaya ng ibuprofen o acetaminophen.

Para mabawasan ang pananakit at hindi magandang pakiramdam kung saan kayo ininiksiyunan:

- Lapatan ng malinis, malamig, basang bimpo ang bahagi.
- Gamitin o i-ehersisyo ang inyong braso.

Para mabawasan ang hindi magandang pakiramdam mula sa lagnat:

- Uminom ng maraming likido.
- Magsuot ng manipis na damit.

Kailan tatawag sa doktor

Sa karamihan ng mga kaso, normal lang ang hindi magandang pakiramdam mula sa lagnat o pananakit. Tawagan ang inyong doktor o provider ng pangangalagang pangkalusugan:

- Kung lumala ang pamumula o pananakit sa bahagi kung saan kayo nainiksiyunan makalipas ang 24 na oras
- Kung nag-aalala kayo sa inyong mga side effect o kung parang hindi nawawala ang mga ito makalipas ang ilang araw

Tandaan

- Maaaring apektuhan ng mga side effect ang kakayahan ninyong gawin ang mga aktibidad sa bawat araw, ngunit dapat mawala rin ang mga ito sa loob ng ilang araw.
- Sa ilang mga bakuna para sa COVID-19, kakailanganin ninyo ng 2 iniksiyon para makuha ang pinakamaraming proteksiyon. Dapat ninyong matanggap ang pangalawang iniksiyon kahit na nagkaroon kayo ng mga side effect pagkatapos ng unang iniksiyon, maliban kung sasabihin sa inyo ng inyong doktor o provider ng pagbabakuna na huwag tanggapin ito.
- Kakailanganin lamang ninyo ang 1 iniksiyon ng viral vector na bakuna para sa COVID-19, ang bakuna sa COVID-19 ng Janssen ng Johnson & Johnson.
- Mangangailangan ng panahon para makagawa ang inyong katawan ng proteksiyon pagkatapos ng anumang pagbabakuna. Maaaring hindi kayo maprotektahan ng mga bakuna para sa COVID-19 na nangangailangan ng 2 iniksiyon hanggang mga dalawang linggo pagkatapos ng inyong pangalawang iniksiyon. Para sa mga bakuna sa COVID-19 na nangangailangan ng 1 iniksiyon, magtatagal nang mga dalawang linggo matapos ang pagbabakuna para makagawa ang inyong katawan ng proteksiyon.
- Pagkatapos ninyong ganap na mabakunahan, maaari ninyong simulang gawin ang ilang mga bagay na itinigil ninyo dahil sa pandemiya. Bisitahin ang website ng CDC para sa mga pinakabagong rekomendasyon. www.cdc.gov/coronavirus/vaccines.

PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAKIBIGAY ANG IMPORMASYON SA IBABA:

Kung ang inyong temperatura ay _____°F o _____°C o mas mataas o kung mayroon kayong mga tanong, tawagan ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Sabihin sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa: _____

Numero ng telepono ng provider ng pangangalagang pangkalusugan: _____

Gamot (kung kinakailangan):

Uminom ng _____ kada _____ oras ayon sa kinakailangan.

(uri at dosis o dami)



Itanong sa inyong provider ng pagbabakuna ang tungkol sa pagsisimula sa v-safe

Gamitin ang inyong smartphone para sabihin sa CDC ang tungkol sa anumang mga side effect matapos matanggap ang bakuna para sa COVID-19. Makakatanggap din kayo ng mga paalala kung kailangan ninyo ng pangalawang dosis

Alamin ang higit pa tungkol sa **v-safe**.

www.cdc.gov/vsafe



cdc.gov/coronavirus